



Santa Clara County
**PUBLIC
HEALTH**

MAHIGPIT NA IPINAPATUPAD NA DIREKTIBA



Limitasyon sa Kapasidad

Inilabas Nobyembre 15, 2020

sccgov.org/coronavirus

County ng Santa Clara
Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan

Opisyal ng Pangkalusugan
976 Lenzen Avenue, 2nd Floor
San José, CA 95126
408.792.5040



**MAHIGPIT NA IPINAPATUPAD NA DIREKTIBA SA MGA
LIMITASYON SA KAPASIDAD**

Mangyaring kumpirmahin na ang inyong pasilidad ay makapagbukas sa ilalim ng Kautusan ng Estado. Kung may pagkakaiba sa pagitan ng lokal na Kautusan ng County at ng Kautusan ng Estado, dapat na sundin ang mas mahigpit na kautusan. Mayroon din ang Estado ng partikular na patnubay para sa ilang mga pasilidad na dapat sundin bilang karagdagan sa mahigpit na ipinapatupad na direktiba na ito.

Ang impormasyon tungkol sa Kautusan ng Estado at sa patnubay ng Estado ay makikita sa covid19.ca.gov.

Inilabas: Nobyembre 15, 2020

Binago: Enero 13, 2021

Noong Agosto 28, 2020, ang Estado ay nagpalabas ng isang Kautusan ng Opisyal ng Pamublikong Pangkalusugan sa Buong Estado ("Kautusan ng Estado," magagamit [dito](#)) at ang Plano para sa Mas Ligtas na Ekonomiya ("Plano," magagamit [dito](#)). Ang Kautusan ng Estado at Plano ay nagtataguyod ng mga paghihigpit sa buong estado na nalalapat sa bawat "antas" kung saan itinalaga ang mga county.

Ang lahat ng mga negosyo, na tinukoy ang kahulugan sa Binagong Kautusan ng Pagbabawas ng Panganib ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County na inilabas noong Oktubre 5, 2020 ("Binagong Kautusan ng Pagbabawas ng Panganib"), kabilang ang anumang for-profit, non-profit, o pang-edukasyon na entidad, ay dapat sumunod sa mga mahigpit na kinakailangan sa Direktibang ito at sa anumang iba pang naaangkop na Direktiba ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County, sa Binagong Kautusan ng Pagbabawas ng Panganib, sa Disyembre 3, 2020 na Panrehiyon na Kautusan na Manatili sa Bahay ng Estado at sa Disyembre 4, 2020 na Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County para maipatupad ang Panrehiyon na Kautusan na Manatili sa Bahay ng Estado, sa mga naaangkop na paghihigpit sa ilalim ng Kautusan at Plano ng Estado, sa mga dokumento ng Patnubay sa Industriya sa COVID-19 ng Estado, at sa anumang naaangkop na mga regulasyon sa kalusugan at kaligtasan. Kung may pagkakaiba sa pagitan ng mga panuntunang ito, dapat sundin ang pinakamahigpit na panuntunan.

Itinakda ng Direktibang ito ang mga panuntunan sa kapasidad ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County. Ang panganib ng pagkalat ng COVID-19 ay tumataas kapag mayroong mas mataas na bilang at densidad ng mga tao na naroroon sa isang pasilidad, lalo na kapag nasa loob. Upang mabawasan ang panganib na ito, ang Opisyal ng Pangkalusugan ng County ay nagtaguyod ng mga limitasyon sa bilang ng mga tao na maaaring naroroon sa isang pasilidad sa anumang oras. Ang mga limitasyon na ito ay batay sa kapasidad ng pasilidad at/o sa kabuuang bilang ng mga tao na maaaring naroroon sa anumang oras. Ang mga limitasyon na ito ay nag-iiba depende sa panganib ng pagkalat ng COVID-19 na nauugnay sa uri ng paggamit.

Ang Direktibang ito ay mahigpit na ipinapatupad, at ang kabiguang masunod ito ay paglabag sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan na inilabas noong Oktubre 5, 2020 ("Kautusan").

Mga Mahigpit na Ipinapatupad na mga Limitasyon sa Kapasidad

1. Mga limitasyon sa kapasidad

- a. Dapat limitahan ng lahat ng mga pagtitipon at negosyo ang kapasidad upang payagan ang lahat na madaling mapanatili ang hindi bababa sa anim na talampakan na pisikal na distansya mula sa lahat na wala sa kanilang sambahayan sa lahat ng oras.
- b. Nalalapat ang mga sumusunod na limitasyon sa kapasidad sa mga partikular na negosyo, entidad, at aktibidad:

Uri ng Negosyo/Entidad/Aktibidad	Panloob	Panlabas
Mga Gym at Fitness Center (kabilang ang mga palanguyan, hot tub, at mga sauna)	Ipinagbabawal.	Pinapayagan, maliban sa mga hot tub at sauna na dapat manatiling sarado.
Mga pagtitipon (hal., mga pagpapalabas ng pelikula, mga kaganapang pampulitika, kasal, libing, serbisyo sa pagsamba)	Ipinagbabawal.	Pinapayagan hanggang sa 100 katao, ngunit napapailalim sa mga limitasyon na nakasaad sa Panrehiyon na Kautusan na Manatili sa Bahay ng Estado, na sa pangkalahatan ay nagbabawal sa lahat ng mga pagtitipon ngunit nagsasabi na ang "[p]agsamba at pampulitikang pagpapahayag ay pinapayagan sa labas, naaayon sa umiiral na patnubay para sa mga aktibidad na iyon. "

Uri ng Negosyo/Entidad/Aktibidad	Panloob	Panlabas
Mga Museo, Zoo, Aquarium	Ipinagbabawal.	Ipinagbabawal.
Lahat ng mga Tindahang Retail (kabilang ang mga tindahan ng grocery, botika, at parmasya)	20% na kapasidad.	N/A
Mga Shopping Center	Pinapayagan. Kabuuang panloob na kapasidad para sa sentro ng pamilihan sa kabuuan ay kinakalkula sa pamamagitan ng pagdagdag ng Binawasan na Pinakamataas na Kapasidad ng bawat indibidwal na nangungupahang negosyo ng sentro ng pamilihan na pinapayagan na magbukas sa loob. Ang mga karaniwang lugar at food court ay dapat manatiling sarado.	N/A
Mga Restaurant	Ipinagbabawal (maliban sa serbisyo na take-out; pagkatapos umorder, ang mga customer ay hindi maaaring maghintay ng mga order ng takeout sa loob).	Ipinagbabawal.
Mga Bar, Pagawaan ng Beer, at Distilerya	Ipinagbabawal (maliban sa serbisyo na take-out; pagkatapos umorder, ang mga customer ay hindi maaaring maghintay ng mga order ng takeout sa loob).	Ipinagbabawal.
Mga Winery	Ipinagbabawal (maliban sa serbisyo na take-out; pagkatapos umorder, ang mga customer ay hindi maaaring maghintay ng mga order ng takeout sa loob).	Ipinagbabawal.
Mga Silid ng Paninigarilyo	Ipinagbabawal.	Ipinagbabawal.

Uri ng Negosyo/Entidad/Aktibidad	Panloob	Panlabas
Mga Sentro ng Aliwan ng Pamilya at Iba Pang Mga Pasilidad ng Aliwan	Ipinagbabawal.	Ipinagbabawal.
Mga Pasilidad ng Libangan	Ipinagbabawal.	Pinapayagan, maliban sa pagtulog na magdamag sa lugar ng kampo ay ipinagbabawal.
Mga Cardroom	Ipinagbabawal.	Ipinagbabawal.
Mga Lodging Facility	Pinapayagan para sa mga layuning tinukoy sa Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba sa mga Lodging; ang mga partikular na lugar ng paggamit (hal., mga gym at retail) ay napapailalim sa partikular na mga limitasyon sa kapasidad sa Direktibang ito.	N/A
Mga Negosyo ng Pangangalagang Pansarili (hal., mga hair salon at barbershop; pangangalaga ng kuko; body art, tattoo, at piercing shop; esthetician, pangangalaga sa balat, at mga serbisyo sa pagpaganda; electrology, waxing, threading, at iba pang mga serbisyo sa pagtanggap ng buhok)	Ipinagbabawal.	Ipinagbabawal.
Hindi-mahalagang Limitadong Serbisyo (hal. pet grooming, pag-ayos ng sapatos)	Ipinagbabawal.	Ipinagbawal, maliban sa curbside drop-off at pick-up.
Pampublikong Pagbibiyah	Lahat ng mga panloob na lugar ng paghihintay na magagamit ng publiko ay limitado sa 20% na kapasidad.	Pinapayagan na nakabukas ang mga panlabas na lugar ng paghihintay.
Pasilidad ng Healthcare	Limitahan ang bilang ng mga taong pumapasok sa pasilidad upang payagan ang mga tao na madaling mapanatili ang hindi bababa sa anim na talampakan na pisikal na distansya mula sa lahat na nasa labas ng kanilang	N/A

Uri ng Negosyo/Entidad/Aktibidad	Panloob	Panlabas
	sambahayan sa lahat ng oras (maliban kung makagambala ito sa sa pagbigay ng pangangalaga).	
Lahat ng Iba Pang Pasilidad ng Mahalagang Kritikal na Imprastruktura (kasama ang mga pasilidad ng gobyerno)	Anumang mga panloob na lugar na magagamit ng publiko ay limitado sa 20% na kapasidad.	N/A
Anumang Iba Pang Pasilidad na Makapagbukas sa Publiko Sa ilalim ng Panrehiyon na Kautusan na Manatili sa Bahay at mga Lokal na Kautusan	20% na kapasidad.	N/A

Kinakailangan sa Pagsukat

2. *Sistema upang "Sukatin" ang Bilang ng mga Tao sa Pasilidad*
 - a. Maliban sa mga ospital ng acute care, anumang negosyo na may panloob na pasilidad na pumapayag na makapasok ang mga miyembro ng publiko ay dapat bumuo at magpatupad ng nakasulat na mga pamamaraan upang "sukatin" o masubaybayan ang bilang ng mga taong pumapasok at lumalabas ng pasilidad upang matiyak na ang pinakamataas na kapasidad para sa pasilidad o lugar ay hindi malalampasan. Halimbawa, ang isang empleyado ng negosyo ay maaaring ilagay sa bawat pasukan ng pasilidad upang magawa ito. Ang mga nakasulat na pamamaraan ay dapat ding mangailangan sa kawani upang matiyak na ang lahat ng mga miyembro ng publiko na pumapasok sa pasilidad na kinakailangang magsuot ng mga panakip sa mukha ay maayos na sumusuot nito upang parehong takpan ang kanilang ilong at bibig.
 - b. Ang negosyo ay dapat magbigay ng isang kopya ng nakasulat na mga pamamaraan sa "pagsukat" sa isang Opisyal ng Pagpapatupad kapag hiniling ito at isiwalat ang bilang ng mga miyembro ng publiko na kasalukuyang nasa pasilidad.

Mga Breakroom at Lugar ng Pahingahan sa Lugar ng Trabaho

3. *Limitahan ang paggamit sa mga panloob na breakroom at lugar ng pahingahan*

- a. Sa lahat ng mga pasilidad, maliban sa mga ospital ng acute care, dapat pagbawalan ng mga negosyo ang mga tauhan sa paggamit ng anumang panloob na breakroom o lugar ng pahingahan para kumain, uminom, o magpahinga (kahit na sila ay nag-iisa sa silid sa oras na iyon) o para sa anumang pagtitipon. Maaaring pahintulutan ng mga negosyo ang mga tauhan na gamitin ang mga espasyong ito hangga't ito ay kinakailangan para gumamit ng mga kagamitan (tulad ng mga coffee maker, predyider, or microwave) o para gamitin na mag-isa para sa ibang layunin na ibinigay ng batas (tulad ng lactation).
- b. Kinakailangan na limitahan ng isang negosyo ang paggamit ng mga panloob na breakroom o lugar ng pahingahan tulad ng inilarawan sa seksyon 3(a) sa itaas *maliban* kung maipapakita nito na (1) ang mga batas sa kaligtasan sa lugar ng trabaho o state labor o pederal ay nagbabawal sa negosyo na limitahan ang paggamit ng kanilang mga panloob na breakroom at lugar ng pahingahan tulad ng inilarawan sa seksyong 3(a), *at* (2) ang negosyo ay walang kakayahan magpatupad ng anumang alternatibo (tulad ng pag-ayos ng mga panlabas na espasyo kung saan ang tauhan ay makapagpanatili ng pagdistansya nang hindi bababa sa anim na talampakan mula sa isa't isa habang nagpapahinga; hindi pagsabay ng mga oras ng pahinga upang matiyak na ang mga empleyado ay may sapat na oras para sa panlabas na pagpahinga o iba pang pagpahinga na may pagdistansya sa ibang tao; o anumang iba pang naaangkop na mga pamamaraan). Upang maipatupad ang probisyong ito, ang negosyo ay dapat bumuo ng nakasulat na protokol na nagpapaliwanag kung bakit hindi ito makakasunod sa seksyon 3(a). Ang negosyo ay dapat ding magpatupad ng mga pamamaraan upang matulungan ang mga empleyado na mas ligtas na makagamit ng mga panloob na breakroom (tulad ng hindi pagsabay ng mga oras ng pahinga, paglilimita ng bilang ng mga empleyado na gumagamit ng break room sa isang oras, pagtaas ng bentilasyon sa silid, at regular na paglilinis at pagdidisimpekta ng mga madalas na hinahawakang kagamitan), at dapat idetalye sa kaniyang nakasulat na protokol ang mga hakbang na kaniyang ginagawa upang matiyak na ligtas na pinamamahalaan ang mga panloob na breakroom at lugar ng pahingahan. Ang negosyo ay dapat magpaskil ng kaniyang nakasulat na protokol sa loob o sa malapit ng kaniyang mga panloob na breakroom o silid na pahingahan at dapat kaagad na magbigay ng isang kopya ng kaniyang nakasulat na protokol sa isang Opisyal ng Pagpapatupad kapag ito ay hiniling.

Pagkalkula ng Pinakamataas na Kapasidad

4. *Pagkalkula ng mga panloob na limitasyon sa kapasidad*
 - a. Nalalapat ang mga limitasyon sa kapasidad sa bawat silid o lugar sa pasilidad kung saan naroroon ng ilang oras o nakikisali sa mga aktibidad ang mga miyembro ng publiko. Ang mga silid o lugar na napapailalim sa mga limitasyon sa kapasidad ay itinuturing na "mga silid/lugar na may limitadong kapasidad."

- b. Ang mga limitasyon sa kapasidad ay dapat batay sa normal na pinakamataas na bilang ng mga tao para sa bawat silid/lugar na may limitadong kapasidad na may naipaskil na pinakamataas na bilang ng mga tao. Kung walang naipaskil na normal na pinakamataas na bilang ng mga tao, ang mga limitasyon sa kapasidad ay dapat na nakabatay sa kuwadrang talampakan ng bawat silid/lugar na may limitadong kapasidad.
- c. Dapat gamitin ng mga gym, fitness facility, at sentro ng aliwan ng pamilya ang *kabuuang* kuwadrang talampakan para sa bawat silid/lugar na may limitadong kapasidad (kapag pinapayagan ang panloob na operasyon). Lahat ng iba pang mga pasilidad ay dapat gumamit ng *net* na kuwadrang talampakan para sa bawat silid/lugar na may limitadong kapasidad.
- d. Itinatakda ng mga limitasyon sa kapasidad ang pinakamataas na bilang ng mga tao na maaaring naroroon, kabilang ang parehong mga miyembro ng publiko at tauhan.
- e. Para sa tulong sa pagkalkula ng mga limitasyon sa kapasidad at mga sagot sa mga madalas na katanungan, mangyaring bisitahin ang www.sccgov.org/covidcapacity.

Palatandaan

5. *Mga Kinakailangan sa Palatandaan*

- a. Ang mga palatandaan ng Binawasan na Pinakamataas na Kapasidad ay dapat maipaskil para sa bawat silid/lugar na may limitadong kapasidad na napapailalim sa isang partikular na porsyento ng limitasyon sa kapasidad na natukoy sa Seksyon 2 ng Direktibang ito.
- b. Ang bawat palatandaan ay dapat na malinaw na nagsasabi ng pinakamataas na bilang ng mga tao na maaaring nasa loob ng partikular na silid/lugar na may limitadong kapasidad na magkasabay sa ilalim ng Direktibang ito. Magagamit ang template ng palatandaan ng Binawasan na Pinakamataas na Kapasidad [dito](#).
- c. Ang bawat silid/lugar ay dapat mayroong isang palatandaan ng Binawasan na Pinakamataas na Kapasidad na naipaskil sa bawat pasukan. Ang mga palatandaan ay dapat na malinaw na nakikita ng sinumang pumapasok sa silid.
- d. Ang mga palatandaan ng Binawasan na Pinakamataas na Kapasidad ay dapat na-update upang maipakita ang anumang mga pagbabago sa pinapayagan na kapasidad.

- e. Para sa tulong sa pagkumpleto ng palatandaan ng Binawasan na Pinakamataas ng Kapasidad, mangyaring bisitahin ang www.sccgov.org/covidcapacity.

Manatiling may Kaalaman

Para sa mga sagot sa mga madalas na katanungan tungkol sa mga limitasyon sa kapasidad at iba pang mga paksa, mangyaring tingnan ang [pahina ng FAQ](#). **Mangyaring tandaan na ang Direktibang ito ay maaaring ma-update.** Para sa pinakabagong impormasyon sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan, bisitahin ang website ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng County sa www.sccgov.org/coronavirus.